

Mas Kaunti ang Peligro. Mas Maraming Magagawa.



Tatlong dahilan para magpabakuna laban sa trangkaso, COVID-19, at RSV

1

Maaaring mataas ang peligro mo (kahit na hindi mo ito alam). Nasa mas mataas na peligro ka para sa malalang sakit mula sa trangkaso (flu), COVID-19, at respiratory syncytial virus (RSV) kung ikaw ay:

- 65 taong gulang at mas matanda;
- May ilang mga medikal na kundisyon tulad ng sakit sa puso, baga, o kidney, diyabetis, sobrang katabaan, o hika; o
- May mahinang immune system.

Kung ikaw ay buntis, ang sanggol mo ay maaaring nasa peligro para sa RSV.

2

Pinakamahusay na gumagana ang mga bakuna para maiwasan na magkasakit ka nang malala kung makakuha ka ng impeksiyon sa respiratoryo mula sa trangkaso, COVID-19, o RSV. Ang mga bakuna para sa trangkaso at COVID-19 ay makakapigil ng ilang impeksiyon, pero tulad ng mga bakuna sa RSV, ang pangunahin nilang trabaho ay para panatihin ang banayad ang mga sintomas at panatilihin ang mga taong naimpeksiyong mangailangan ng pangangalagang medikal o sa ospital.

3

Mapoprotektahan mo ang mga taong mahal mo sa pamamagitan ng paghikayat sa kanilang samahan ka sa pagpapabakuna para mabawasan ang peligro ng malalang sakit na trangkaso, COVID-19, at RSV.

Napipigilan ng mga bakuna ang milyon-milyong kaso ng impeksiyon sa respiratoryo bawat taon. Ang mga ito ay ligtas, mapagkakatiwalaang paraan para protektahan ang sarili mo. **Kausapin mo ang doktor mo para makita kung aling mga bakuna ang tama para sa iyo.**

**RISK LESS.
DO MORE.**



Matuto pa sa
cdc.gov/RiskLessDoMore

